

ANG KABABAIHAN AT HIV TESTING

Sheet ng Impormasyon

"Binigyan ako ang requisition form na naglalaman ng lahat ng ibang test. Nakita ko ang test ko para sa thyroid, isa o dalawa pang ibang test. At napansin kong nakasulat sa 'HIV', na hindi ko tinanong dahil inisip ko na baka mandatory it noong panahong iyon."
— *Karanasan sa pagkuha ng test ng isang buntis na babae sa Canada.*¹

HIV testing para sa mga kababaihan sa Canada

Mula noong napag-alaman na maaaring maipasa ang HIV ng ina sa kaniyang anak sa panahon ng pagbubuntis, pagle-labour at panganganak, o sa pagpapasuso, tumuon ang HIV testing sa mga kababaihan. Kung hindi buntis ang isang babae o wala sa edad ng pagbubuntis, maaaring hindi isaalang-alang o maaaring hindi siya aluking magpa-HIV test. Para sa maraming taon, ang nananatili ang pananaw na ang pinakanaapektuhan ng HIV ay ang mga lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki, mga taong gumagamit ng droga, at mga bagong-saltang mula sa Africa at Caribbean, kung kaya't sa hindi nakita ang posibilidad na nasa panganib ang ibang kababaihan.

Ngunit, marami sa kababaihan ang maaaring makakuha ng impeksyong HIV at kailangang makakuha ng de-kalidad na HIV testing, gayundin ng pagpapayo na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan. Ang HIV testing ay maaari at dapat mas palawakin, habang pinalalaganap at pinangangalagaan ang karapatang pantao sa lahat ng aspeto ng proseso ng HIV testing.

Noong bago lamang ang epidemyo, napag-alaman na ang HIV testing ay dapat isagawa sa mga pamamaraang nagbibigay-konsiderasyon sa laganap na stigma at diskriminasyon sa mga taong may HIV. Dagdag pa rito, ang paggalang at pangangalaga sa mga karapatan ng tao ay sentro sa isang matagumpay na pagpapatupad ng mga HIV testing program. Kung kaya't isang malaking pagkakasundo ang nanaig: ang mga tao ay dapat lamang kumuha ng test kung sila ay binigyang-impormasyon, kung gagawin nila ito nang boluntaryo at may tiyak na pahintulot; dapat ring may isagawang mga sesyon sa pagbibigay ng payo, bago at pagkatapos ng testing; at ang HIV testing ay dapat maganap

¹ L. Leonard et al., "Pregnant women's experiences of screening for HIV in pregnancy: What they have to say about what constitutes an appropriate policy for HIV testing of pregnant women in Canada (a pilot study)," in Health Canada, *Perinatal HIV transmission: Study results and implications for policy and program development* (Ottawa: Health Canada, 2001).

lamang kung garantisado ang pagkakompidensyal nito. Naging kagawian nang tukuyin ng mga patakaran sa mga hurisdiksyon ng Canada ang pagkakasundong ito bilang "ang tatlong C" ("three Cs") ng HIV testing — consent (pahintulot), counselling (pagpapayo) at confidentiality (pagkakompidensyal).²

Kamakailan lamang sa Canada at sa buong mundo, nagkaroon ng paggalaw na lumilihis sa "tatlong C" na kasunduan.³ Ang mga panawagan para sa "routine testing" (gaya ng, HIV testing sa karaniwang pagtatasang-medikal nang hindi na kailangan ng tiyak na pahintulot) at "opt-out testing" (gaya ng, pagsasailalim sa testing kahit na tuwirang tumanggi ang isang tao) ay sumangguni sa pangangailangang "palaganapi" ang testing upang maipalaam sa mas maraming tao ang kanilang positibong HIV status at sa paggagamot (dahil ang paggagamot ng HIV ay nagpapahusay sa kalusugan ng mga taong nabubuhay ng HIV at hinahadlangan nito ang mga bagong impeksyon sa pamamagitan ng pagpapababa ng mga panganib ng pagpapasa ng HIV). Binibigyang halaga rin ng mga panawagan para sa "routine testing" at "opt-out" ang mahigpit na pagtatalaga na kinakailangan upang makapagdulot ng pre- at post-test na pagpapayo sa lahat na sumailalim sa test, at ang paturing sa isang HIV nang naiiba sa ibang test ay maaaring magdagdag ng stigma na kaugnay ng HIV, samakatuwid, humadlang sa mga tao na makapagpa-test.⁴

Ngunit, iginagalang ng mga modelo na ang "tatlong C" ay maaaring mas epektibo pa rin sa pangmatagalang pagtugon sa HIV sa Canada, at ang mga ligal at etikal na pangangailangan ay nakakiling pa rin sa paniniguro sa tiyak na ibinigay na pahintulot, angkop na pagpapayo at pagkakompidensyal. Ang isang epektibong pagtugon sa HIV ay nangangailangan ng higit sa pagpapataas sa bilang ng mga taong nagpapa-test. Karagdagan dito, malaki ang nagiging epekto ng HIV sa mga taong nasa minoridad, na humaharap sa maraming hadlang para lamang makakuha ng serbisyong pangkalusugan. Ang pag-usad patungo sa pamimilit ay hindi magpapabuti sa HIV testing sa mga komunidad na ito at maaari pa ngang mapigilin ang mga pagkilos upang matigil ang pagkalat ng HIV, dahil sa paglalagay ng takot at stigma.

Para sa mga kababaihan, ang pag-usad na ito na palihis sa "tatlong C" ay maaaring magharap ng mga problema. Marami sa mga kababaihan ang nararamdamang maaari nilang tanggiin ang isang HIV test kapag inirerekomenda ng kanilang health care provider, kahit na mas gugustuhin nilang kumuha ng ibang uri ng testing (hal., anonymous) o patagalin ang testing hanggang sa maramdaman nilang handa na silang

² Tingnan ang Canadian HIV/AIDS Legal Network, "Evolution of HIV testing policy and technology in Canada," HIV Testing, Info Sheet 1. Makukuha sa www.aidslaw.ca/testing.

³ Tingnan bilang halimbawa ang Centers for Disease Control and Prevention, "Revised Recommendations for HIV Testing of Adults, Adolescents, and Pregnant Women in Health-Care Settings," MMWR 2006; 55 (No. RR-14); Letter to Vancouver Coastal Health affiliated physicians, nurse practitioners and registered nurses from Dr. Reka Gustafson, Medical Officer of Health, June 30, 2011 [on file with author]; World Health Organization, Guidance on Provider-Initiated HIV Testing and Counselling in Health Facilities, 2007; and J. Csete and R. Elliott, "Scaling up HIV testing: human rights and hidden costs," *HIV/AIDS Policy and Law Review* 11 (2006): pp. 1, 5–10.

⁴ Tingnan ang Canadian HIV/AIDS Legal Network, "Shifting HIV testing policies," HIV Testing, Info Sheet 2. Makukuha sa www.aidslaw.ca/testing.

humarap sa mga resulta at pangasiwaan ang mga personal na panganib. Nililimitahan ng hindi patas na relasyong hango sa kapangyarihan sa pagitan ng mga kababaihan at kanilang mga doktor, pati na rin ang kanilang kagustuhang gawin ang pinakamabuti para sa kanilang anak (kapag buntis), ang kakayahan ng maraming kababaihan na tumanggi sa test. Bukod pa rito, marami sa mga kababaihan ang nangangailangan ng oras upang isaalang-alang ito bago pumayag sa isang HIV test, na maaaring hindi posible sa maikling oras na inilaan para sa isang medikal na appointment. At kung ang pagpapayo sa konteksto ng pagbubuntis ay nakatuon sa kalusugan ng bata, at hindi sa pansariling pangangailangan at panganib ng babae, maaaring hindi maging handa ang mga kababaihan sa posibleng negatibong resulta ng testing. Gaya ng sinipi sa isang ulat, ang mga tao na "maaaring sumang-ayon sa pagpapa-test dahil sanay silang sumang-ayon sa mga kahilingan ng mga propesyonal sa kalusugan, at iniisip nilang makakatanggap sila ng mas mainam na pangangalaga, ay nagpapalagay na hindi sila makakatanggi, o natatakot na magiging pangit ang kalalabasan ng kanilang pagtanggi."⁵

Habang ipinapakita ng ilang pagsasaliksik na itinuturing ng bahagi ng mga kababaihan na mas madaling makapagpa-HIV test kung ito ay gagawing regular, katulad ng sa mga Pap test,⁶ mahalagang isaalang-alang na marami sa mga kababaihan ang patuloy na humaharap sa malalaking hadlang sa testing, kabilang na halimbawa ang maraming Katutubong kababaihan, kabataan, mga bababeng nakatira sa probinsya, mga babaeng nakakulog, mga babaeng mula sa mga bansa kung saan endemic ang HIV, at mga babaeng nasa mapang-abuso o nakaasang relasyon. Ang HIV testing ay nagaganap sa isang panlipunang konteksto na markado ng hindi patas na kasarian at kapangyarihan at matataas na antas ng stigma. Ang layunin ng kalusugan ng publiko na mas palaganapin ang testing ay hindi humihigit sa pangangailangan na mabawasan ang panganib at kawalang-proteksyon ng mga kababaihan sa mga pang-aabusong may kaugnayan sa HIV.

Ang isang kapaligirang mapagbigay-suporta at kakayahan ay kinakailangan upang ang mga kababaihan ay makagawa ng malaya at may-kaalamang pasya tungkol sa HIV testing. Ang mga negatibong resulta ng HIV testing at ang mga takot sa pagsisiwalat ay mas madalas na naitatala para sa mga kababaihan at dapat unahin ng mga pamamaraan sa testing ang pagtugon sa mga bagay na itong may kaugnayan sa kasarian.⁷ Kung ang mga tao ay i-test nang hindi handa, maaari silang sumailalim sa mga negatibong resulta (hal., malubhang resulta na pangkaisipan, kawalan ng kakayahang protektahan ang kanilang sarili laban sa pang-aabuso kung madiskubre ito ng iba), o mawalan ng tiwala sa sistema ng pangkalusugang pangangalaga, samakatuwid, mawalawan nang kabuluhan ang kanilang pag-iwas sa HIV, paggagamot, at pangangalaga. Higit pa, marami sa mga kababaihan ang nagpapa-test para sa HIV kapag sila ay buntis, isang panahon kung kailangan maaari silang mangailangan ng dagdag na suporta. Ang kahalagahan ng isang HIV test ay mas mataas kaysa sa impormasyong medikal na ibinibigay nito. Ito ay

⁵ C.M. Obermeyer and M. Osborn, "The Utilization of Testing and Counseling for HIV: A Review of the Social and Behavioral Evidence," *American Journal of Public Health* 97 (2007): 1762–1774 at 1769.

⁶ Bilang halimbawa, sumangguni sa J. Gahagan et al. "Barriers to gender-equitable HIV testing: going beyond routine screening for pregnant women in Nova Scotia, Canada," *International Journal for Equity in Health* 10 (2011), on-line: <http://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC3110558/?tool=pubmed>.

⁷ C.M. Obermeyer and M. Osborn at 1766.

maaaring magkaroon ng napakalakas na epekto sa buhay ng isang tao ang ang mga resulta ng test ay may mga kahulugang nakatali sa mga relasyon, tiwala, katapatan at mga ispesipikong papel gaya ng pagiging ina.⁸

Ang stigma at ang takot ay mahahalagang hadlang sa pagpapa-test ng HIV para sa ilang babae. Ang mga katutubong kababaihan mula sa mga bansa kung saan endemic ang HIV ay maaaring mas may alalahanin patungkol sa HIV testing dahil sa kapootang panlahi, di siguradong kalagayan sa imigrasyon, takot dahil sa mga reaksiyon ng kanilang pamilya o komunidad, di pagkakakilala sa sistemang medikal ng Canada, mga hadlang sa wika, takot na mawawalan sila ng kustodiya o access sa kanilang mga anak, pagkawala ng tiwala sa mga institusyon ng gobyerno, kakulangan ng impormasyon tungkol sa HIV, at ang kawalan ng kakayahang lumiban sa trabaho at mga responsibilidad sa pamilya upang matugunan ang pansarili nilang mga pangangailangan sa kalusugan. Para sa ilang kababaihan na humaharap sa iba-ibang pagsubok na ito, malamang na mas mainam ang mga alternatibong pamamaraan ng HIV testing, gaya ng anonymous o di nakikilala o di kaya ang rapid testing.⁹

Ang mga resulta ng HIV test ay maaari ring magkaroon ng mahahalagang ligal na implikasyon na mahalaga sa mga kababaihan na umaasa o nasa mapang-abusong relasyon o para sa mga nagkukulang ng lakas ng loob sa mga sitwasyon ng gobyerno. Ang mga positibong resulta sa HIV test ay iniuulat sa mga awtoridad ng kalusugan ng publiko. Sa karamihan ng mga hurisdiksyon, ang mga batas sa kalusugan ng publiko ay nagbibigay sa mga opisyal ng kalusugan ng publiko ng kapangyarihang ipaalam sa mga ka-partner sa sex at paggamit ng droga, ang isang tao na positibo sa HIV (na alam bilang "pagbibigay-notipikasyon sa ka-partner" o "contact tracing"). Ang ilang mapanghikayat na interbensyon ay maaaring ipatupad kung makitang kinakailangan upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko. Ang mga taong nabubuhay nang may HIV ay maaari ring masakdal sa krimen sa Canada, dahil sa hindi pagsisiwalat ng mga ito sa kanilang positibong HIV status sa kanilang mga ka-partner sa sex. Ipinapataw ng ganitong malulubhang resulta sa mga kababaihan na ganap na malaman ang medikal at ligal na implikasyon ng HIV testing.

Mga Katotohanan at Numero:

- Ayon sa pinakabagong datos na makukuha sa Public Health Agency of Canada, **11 403 kababaihan at 224 na babaeng anak (mas bata sa 15 taong gulang) ay positibong may HIV sa Canada.**¹⁰ Ang mga kababaihan ay kumakatawan sa

⁸ Ibid.

⁹ Sa rapid at anonymous HIV testing, tingnan ang Canadian HIV/AIDS Legal Network, "Anonymous HIV testing," HIV Testing Info Sheet 5 and "Rapid HIV testing," HIV Testing, Info Sheet 9. Makukuha sa www.aidslaw.ca/testing.

¹⁰ Sa pagitan ng 1985 at 2009. Public Health Agency of Canada. *Ang HIV at AIDS sa Canada. Surveillance Report hanggang Disyembre 31, 2009* Surveillance and Risk Assessment Division, Centre for Communicable Diseases and Infection Control, Public Health Agency of Canada, 2010, sa talahanayan 4C, pahina 22.

tumataas na bahagdan ng mga positibong HIV test na isinasagawa sa Canada, na sumasaklaw sa 26.2 porsiyento noong 2008.¹¹

- Tinatantiyang **26 na porsiyente ng mga taga-Canada na nabubuhay nang may HIV ay hindi nakakaalam na silay ay may ganitong impeksyon** dahil hindi pa sila nate-test.¹²
- May **tatlong iba-ibang paraan ng HIV testing** na makukuha sa Canada: *nominal testing*, kung saan ang pangalan ng tao ay iuugnay sa resulta ng test at iuulat sa mga awtoridad ng kalusugan ng publiko; *non-nominal testing*, kung saan ang isang natatanging code, liban sa pangalan ng tao, ay kasama ng sample, na maaaring gamitin ng health care provider na humingi ng test, para itugma sa resulta ng pasyente; at ang *anonymous testing*, kung saan ang mga resulta ng test ay itinatala at iniuulat nang hindi sinasabi ang pangalan ng taong nagpa-test. Ngunit, hindi makukuha ang non-nominal at anonymous testing sa buong mundo.
- Kabilang sa karaniwang HIV testing ay ang pagpapadala ng sample ng dugo sa isang laboratoryo upang ma-test ito para sa HIV antibodies. Ang mga resulta ay makukuha pagkatapos ng dalawang linggo. **Ang isang rapid HIV test ay maaaring isagawa mula lamang sa isang patak ng dugo mula sa tusok ng daliri. Ginagawa ang testing sa testing site at ang resulta ay makukuha ng lima hanggang sampung minuto.** Kung magbigay ng positibong resulta ang rapid test, dapat may isagawang pangalang test na magkukumpirma, upang masiguro ang katiyakan ng mga resulta.
- Ang mga HIV test ay ang tumutukoy sa HIV antibodies, hindi sa virus, sa dugo. Magtatagal ng ilang panahon bago magkaroon ang katawan ng tao ng antibodies sa HIV, samakatuwid, mayroong "**window period**" ng **hanggang tatlong buwan mula sa panahong maimpeksyon ang isang tao hanggang sa panahong makakapagpakita ng impeksyon ang test.** Sa panahon ng "window period," ang isang tao ay maaaring ma-test nang negatibo para sa HIV antibodies kahit na siya ay naimpeksyon na.
- Ang lahat ng banyagang mamamayan na nag-a-apply para sa permanenteng paninirahan sa Canada, at ang ilang aplikante para sa pansamantalang paninirahan ay kailangang sumailalim sa **isang immigration medical examination.** Kasama sa iksaminasyong ito ang isang tanong tungkol sa kung na-test na ba kailanman ang indibidwal bilang positibo sa HIV. Kabilang rin dito **ang HIV antibody test para sa lahat ng taong mas matanda sa 15 taong gulang.**
- Hindi bababa sa **limang probinsya sa Canada ang may batas na** nagpapahintulot sa ilang uri ng taong maaaring malantad sa likido ng katawan

¹¹ Public Health Agency of Canada, *HIV/AIDS Epi Update*, July 2010, chapter 5.

¹² Public Health Agency of Canada, *Summary Estimates of HIV Prevalence and Incidence in Canada, 2008*. Surveillance and Risk Assessment Division, Centre for Communicable Diseases and Infection Control, Public Health Agency of Canada, 2009.

mula sa ibang tao sa panahon ng kanilang trabaho (hal., paramedics, pulisya, bumbero) o sa ibang ispesipikong sitwasyon upang makapag-apply para sa **ligal na kautusan na nagbibigay-awtorisasyon na ang tao ay kailangang sumailalim sa HIV testing** at iba pang nakakahawang sakit.

Ang "tatlong C" ng HIV testing: nagbuhat sa mga prinsipyo ng karapatang pantao

- Ang HIV testing ay dapat lamang isagawa nang may tiyak **at nakakaalam na pahintulot** na boluntaryong ibinigay. Ang kahilingang ito ay hinango sa *karapatan sa kaligtasan ng tao*¹³ — at ito ay, ang pagkakaroon ng kontrol sa kung anoman ang mangyayari sa kaniyang katawan — pati na rin sa *karapatan sa impormasyon*,¹⁴ na isang mahalagang bahagi ng karapatan sa kalusugan.
- **Ang magandang kalidad ng pre- at post-test na pagpapayo** ay nagreresulta sa *karapatan sa impormasyon* at mahalaga sa parehong pagpapalaganap ng kalusugang pangkaisipan ng mga taong nagpapa-test at pangangalaga sa kalusugan ng publiko sa mas malawak na saklaw, sa pamamagitan ng pagpigil sa patuloy na pagpapasa ng HIV. Ang magandang kalidad ng pagpapayo ay may partikular na kahalagan para sa mga taong hindi makakakuha ng naaangkop na impormasyon tungkol sa HIV.
- **Ang pagkakompidensyal** ng mga resulta ng mga pagsusuring medikal, at ng katotohan ng pangangailangang sumailalim sa isang test, ay hango sa *karapatan sa pagkapribado*¹⁵ at nangungunang elemento etikal na medikal na pagsasanay.

Mga rekomendasyon para sa patakaran at pagbabago ng batas

- **Bigyang halaga ang "ang tatlong C" ng HIV testing — nakakaalam na pahintulot, pre- at post-test na pagpapayo, at pagkakompidensyal — sa lahat ng mga patakaran ng HIV testing.** Habang ang availability ng paggagamot ay nagbago na nang husto, ang kahulugan ng pagtanggap ng diyagnosis na positibo sa HIV, nananatiling malubhang kondisyong medikal ang HIV na mataas ang stigma at maaaring magkaroon ng mabigat na implikasyong ligal. Bagaman sa ilang sitwasyon ay may mga pakinabang sa mga health care provider na mas aktibong humihimok sa HIV testing, ang karapatang pantao ng bawat pasyente ay dapat protekahan at hindi dapat maging "routine." ang mga HIV test.
- **Gawing available sa buong bansa ang anonymous at rapid HIV test.** Sa kasalukuyan, ang mga ganitong uri ng test ay available sa ilang lokasyon ngunit hindi sa lahat. Upang matugunan ang mga pangangailangan ng testing ng mga ibang kababaihan, dapat maging available ang parehong uri, nang walang

¹³ *International Covenant on Civil and Political Rights*, 999 U.N.T.S. 171, Article 9 [ICCPR]; *Canadian Charter of Rights and Freedoms*, Part I of the *Constitution Act*, 1982, being Schedule B to the *Canada Act 1982(U.K.)*, 1982, c. 11, at s. 7.

¹⁴ ICCPR, Article 19.

¹⁵ ICCPR, Article 17; *Canadian Charter of Rights and Freedoms* Canadian Charter of Rights and Freedoms 7 and 8.

pagsasaalang-alang sa probinsyo o teritoryo, at sa parehong urban at rural na lugar.

- **Magsagawa ng pagsasaliksik ukol sa mga karanasan ng kababaihan sa HIV testing at kung anong mga pamamaraan ng testing ang pinakanaaangkop sa mga kababaihan,** sa konteksto ng pagbubuntis at hindi. May espesyal na konsiderasyon na dapat ipaabot sa mga pangangailangan at karanasan ng mga nagdadalagang kabataang babae, mga babaeng nakakulong, mga survivor ng sekswal na karahasan, mga babaeng nasa mapang-abusong relasyon, mga babaeng mula sa mga bansa kung saan endemic ang HIV, mga tomboy at bakla, mga Katutubong babae, at mga babaeng naninirahan sa maliliit na komunidad. Ang ganitong pagsasaliksik ay mahalaga upang makapagtatag ng isang patakaran at kasanayan sa HIV testing na gumagalang at epektibo sa ganap na pagkakaiba-iba ng mga babae.
- **Siguraduhin na ang pagpapayo para sa babae na tatanggap ng HIV test sa panahon ng pagbubuntis ay nakatuon sa babae mismo, at hindi dahil siya ay "sisidlan" lamang ng bata.** Ang pagiging available ng mga alternatibong pamamaraan sa testing, ang mga pakinabang at mga panganib ng pagtanggap ng positibong resulta ng test, at ang karapatang tanggapin o tanggihan ang test ay dapat na malinaw na maipaabot. Ito ay totooong mahalaga sa konteksto ng rapid HIV testing na inaalok sa isang babaeng nasa labour at hindi na-screen para sa HIV bilang bahagi ng prenatal care.
- **Tandaan na sa mga laboratory requisition form, kailangan ng nakakaalam na pahintulot para sa HIV test** pagkatapos ng pre-test na pagpapayo na naaangkop sa indibidwal, upang makapagdesisyon nang may kaalaman.
- **Siguraduhin na ang lahat ng pagsisikap upang mapataas ang HIV testing ay nakakonekta sa at ipinaabot upang makamit ang panlahatang access sa pagpigil, paggagamot, pangangalaga at suporta.** Ang mga referral sa mga serbisyo ay dapat ibigay sa lahat ng HIV testing (hal., espesyal na pangkalusugang pangangalaga, mga serbisyo sa pagpapayo at suporta, atbp.), kabilang ang mandatory at iniatas na testing. Dapat italaga ang sapat na mga pagkukunan upang masiguro na available ang serbisyo.

Ang sheet ng impormasyong ito ay naglalaman ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito bumubuo ng mga ligal na pagpapayo.

Ang dokumentong ito ay nagsimula bilang isa sa serye ng apat polyeto (sa English at French), ukol sa mga karapatan ng mga taong nabubuhay nang may HIV sa Canada.

Ang mga kopya ng dokumentong ito ay makukuha sa website ng Canadian HIV/AIDS Legal Network sa www.aidslaw.ca. Hinihikayat ang paggawa ng mga kopya, ngunit hindi maaaring ibenta ang mga kopya, at dapat banggitin ang Canadian HIV/AIDS Legal

Network bilang pinagmulan ng impormasyon. Para sa karagdangang impormasyon, makipag-ugnay sa Legal Network sa info@aidslaw.ca.

Ang pondo upang mailimbag ang mga naunang bersyon ng dokumentong ito sa English at French ay nagmula sa Public Health Agency of Canada. Ang pondo para sa pagsasalin nito ay ibinigay ng Ontario Ministry of Citizenship and Immigration. Ang mga opinyong naipayahag ay mula sa mga may-akda/tagasaliksik at hindi nangangahulugan na ito ay mga pananaw o patakaran ng mga nagbibigay ng pondo.

© Canadian HIV/AIDS Legal Network, 2013